# Kabanata 20:
# ANG PAGBABALIK

SALAMAT KAY SINAG dahil nakarating agad sina Kenneth, Kiko, at Iska sa bahay ng mga Dipasupil. Salamat sa hiwaga na mayroon ang mga gaya nila kaya hindi sila basta nakikita ng mga ordinaryong mortal kahit pa nasa himpapawid sila. Karga ni Kenneth si Iska pagbaba kay Sinag.

Kanina pa pinapakiramdaman ni Kenneth ang pulso ni Iska. Hindi niya maramdaman ang pulso nito. Hindi ito nagigising kahit kanina niya pa ito niyuyugyog. Ito ang unang beses na mag-alala ni Kenneth para sa isang kaibigan. Sa labimpitong taon niya sa mundo ng Hiwaga, bukod sa kaniyang mga magulang na nauna nang namayapa, si Iska lang ang inisip niya nang ganito kalala. Hindi rin siya sigurado sa nararamdaman pero napakagaan ng loob niya kay Iska na palagi niyang isinasantabi dahil kailangang mauna ng misyon bago ang emosyon.

"Iska, gising," bulong ni Kenneth kay Iska. Umaasa siyang magigising ang dalaga.

Pagtapak na pagtapak pa lang nila sa bakuran nina Lola Da, agad siyang sinalubong ng tatlong magkakapatid kasama si Lola Da. Hindi na sila gaya ng dati. Nagbalik na sila sa normal nilang itsura. Masigla na rin ang pangangatawan ng mga ito.

Sa isip ni Kiko, nagtagumpay si Iska sa pagbabalik ng kampana. Pero sana gumising na rin ang kaibigan. Ayaw niyang sumama kay Kenneth



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 155 11/20/2024 8:07:33 AM

habang-buhay. Ayaw niya sa *bossing* na pusong bakal na binalutan ng maraming *layers* pa ng bakal.

"Bathala naman, *please*, buhayin n'yo si Iska," bulong ni Kiko.

Buhat pa rin ni Kenneth si Iska.

Ramdam ng lahat ang tensiyon, *stress*, at hirap dulot ng pagkawala ng malay ni Iska. Miski si Mommy Jo ay emosyonal ngunit hindi niya ipinapakita ang kaniyang kahinaan.

Tumungo ang lahat papunta sa likod na bakuran nila. Inilabas ni Tita Ela ang isang puting tela at inilagay sa tapat ng puno ng tipolo. Lahat, nananalangin sa paggaling ni Iska.

"Iska, nagtagumpay ka pero bakit nangyari 'to sa 'yo?" tanong ni Mommy Jo na halos maubos ang luha sa pag-iyak. Kanina pa niya hinahaplos ang braso ng dalaga. Ramdam niya ang nasunog na balat nito. Hindi niya lubos maisip na masyadong malakas ang Bakunawa at miski ang kampana na binasbasan ni Bathala ay hindi ito kinaya. Hindi niya kayang makitang ganito ang dalaga. Napayuko naman si Kiko. Wala man lang siyang nagawa para sa kaibigan.

"Ihiga mo si Iska sa tapat ng puno ng tipolo," utos ni Mommy Jo. Humihikbi pa rin ito subalit hindi ito ang panahon upang panghinaan ng loob.

Bakas pa rin sa katawan ni Iska ang napakaraming sugat na natamo mula sa pakikipaglaban sa Bakunawa. Napakaraming sugat at gasgas nito sa mukha. Nakatali ngunit hindi malinis ang pagkakaayos ng buhok nito. May malalalim din na sugat sa binti ni Iska. Pulang-pula ang mga sugat sa braso ng dalaga. Pinapahiran naman ng mga halamang gamot nina Tiya Oyang at Tita Ela si Iska. Ang lahat ng ito ay mula sa napakaraming halaman ni Lola Da.

Bakas din sa mga palad ni Iska ang sobrang paggamit ng kaniyang natutunang hiwaga ng araw. Inusisa ni Mommy Jo ang palad ng dalaga. Alam niyang nagamit nito nang husto ang apoy na isa rin sa mga kapangyarihan niya. Nagtagumpay nga si Iska dahil sinagad nito ang kapangyarihang taglay niya.

Inilapag ni Kenneth si Iska sa puting tela sa harap ng puno ng tipolo. Dahan-dahan, iyong hindi didikit ang katawan ni Iska sa lupa.

Nakaharap silang lima sa katawan ni Iska. Lahat sila umaasang didilat agad ang mga mata ng dalaga. Gusto na nilang bumalik sa dati nitong lakas si Iska.

Lahat sila ay naghanda na para sa isang pagpapagaling na sisimulan ni Jane—ang kinatawan ng mga tagapangalaga.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 156 11/20/2024 8:07:33 AM

Hindi nagtagal, dumating din si Jane na may dala-dalang isang sisidlan na gawa sa kahoy. Bilang bahagi ng mga tagapangalaga, alam ni Jane ang iba't ibang paraan ng pagpapagaling. Ito rin ang nag-alaga sa pamilya ni Iska noong nag-aagaw-buhay ang mga ito sa pagkawala ng kampana.

Hinawakan ni Jane ang pulso ni Iska. "Wala na siyang pulso." Pinakiramdaman din ni Jane ang puso ni Iska. Inilapit niya ang tainga sa dibdib ng kaibigan. Hindi maipaliwanag ni Jane ang nararamdaman ngunit dahan-dahang tumulo ang luha niya sa gilid ng kaniyang mga mata.

Pinigilan ni Jane ang sarili. Ayaw niyang mawalan ng pag-asa. Hindi siya susuko hangga't hindi niya napapagaling ang kaibigan.

Hinawakan naman ni Kenneth ang balikat ng kaibigan na tila nagpapaalala na gagaling si Iska at hindi siya dapat mangamba. Walang salitang makapagbibigay ng kapayapaan sa ganitong sitwasyon.

Lumapit si Jane sa harap ng kaibigang walang buhay. Alam niyang mahirap umasa subalit wala namang masama kung susubukan niya pa rin.

Inilabas ni Jane ang sisidlan at pinainom kay Iska ang mahiwagang tubig na nanggaling sa pinakailalim ng pinakamalinis na tubig sa mundo ng Hiraya. Tanging mga tagapangalaga lamang ang nakakaalam kung saan ito matatagpuan. Hindi ito sinasabi sa ibang tao sapagkat ang pagkaubos ng tubig na ito ay ang pagkawala ng Hiwaga. Inilalabas lamang ang tubig na ito para sa mga mahahalagang pagkakataon lalo pa't kung may anak ni Bathala ang nangangailangan ng tulong. Nang mapainom na kay Iska ang mahiwagang tubig, naghintay ang lahat ng magiging epekto ng mahiwagang tubig kay Iska. Naghawak-kamay ang tatlong magkakapatid at naghintay.

Walang nangyari. Nagtaka ang lahat dahil ang mahiwagang tubig na iyon ang isa sa pinakamabisang gamot sa mga sakit ng mga anak ng Bathala.

Lumuhod ang tatlong magkakapatid kay Iska. Bawat isa sa kanila ay nag-alay ng panalangin kay Bathala. Umaasa ang magkakapatid na ang kanilang sabay-sabay na panalangin ay magbibigay-buhay muli sa katawan ni Iska. Kailangang magising ito.

"Hindi basta-bastang namamatay ang anak ni Bathala," bulong ni Lola Da. "May hiwaga ang katawan nila na tanging si Bathala lamang ang nakakaalam. Sa tagal kong nangalaga sa mga tagapagtanggol, naniniwala akong hindi pa ito ang katapusan ni Iska." Sa paliwanag ni Lola Da, naging



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 157 11/20/2024 8:07:33 AM

kampante ang lahat. Mas malakas ang paniniwala nila na kakayanin ni Iska ang pinagdadaanan.

Pinainom uli ng tubig ni Jane si Iska. Pati ang huling patak nito ay pinainom din ni Jane sa kaibigan. Umaasa sila na magkakaroon ito ng talab sa dalaga, subalit walang nagbago.

Lumapit muli ang tatlong magkakapatid kay Iska. Itinaas ng mga ito ang mga kamay at itinapat kay Iska—tipong ipinapanalangin kay Bathala. Nakapikit ang mga nakaluhod na magkakapatid habang taimtim na nananalangin kay Bathala. Ganoon din ang ginawa ni Lola Da.

Pero wala pa ring nangyari. Naluluha na si Kiko kahit wala naman sa personalidad niya ang pagiging malungkutin. Nandito siya para maging *cool* pero hindi na niya mapigilan ang luha.

Lumapit din sa tabi ni Iska si Kenneth. Hinaplos nito ang noo ni Iska sa hindi niya malamang dahilan. Nang ginawa niya ito, biglang nagliwanag ang tatlong palawit sa kuwintas ni Iska. Napaatras ang lahat palayo kay Iska.

Sa paghawak na iyon ni Kenneth sa noo ni Iska, tila nakapasok siya sa diwa ng dalagang nag-aagaw-buhay sa pagitan ng Hiwaga at Hiraya. Nakita ni Kenneth sa gitna ng liwanag na iyon ang isang panaginip na siya ring nakikita ni Iska.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 158 11/20/2024 8:07:33 AM